OSAKA CITY 大阪市

# 2023 Espesyal na Ayuda para sa pagsuporta sa pamumuhay ng low-income na pamilyang nagpapalaki ng bata (Single Parent)

## 1. Sino ang puwedeng makatanggap ng pera

■ Sinumang naangkop sa alinman sa sumusunod na ①～③
（Kasama rin ang mga “Tagapag-alaga” na nakasaad sa Child Support Allowance Law. ）

①Taong nakatanggap ng allowance sa pagpapalaki ng bata para sa buwang Marso 2023.

②Taong hindi nakatanggap ng allowance sa pagpapalaki ng bata noong Marso 2023 dahil sa pagtanggap ng pampublikong pension (Pensyon ng naulila, sa kapansanan, para sa matanda, sa aksidente, Kabayaran sa naulilang pamilya, atbp.) (Taong mababa ang kita lamang)

③Taong hindi nakatanggap ng allowance sa pagpapalaki ng bata noong Marso 2023, pero dahil sa pagtaas ng pagkain at bilihin, biglang nagbago ang budget ng pamilya magmula Enero 2023 at ang kita ay kapareho ng taong tumatanggap ng allowance sa pagpapalaki ng bata

## 2. Matatanggap na Pera

**50,000 yen** bawat bata **(1 beses lamang)**

■ **Nakasulat sa likod kung papaano makatanggap ng pera. Pakitignan lamang.**

**＜Para sa mga katanungan＞**

■ **Staff ng ”Ayuda sa Pagsuporta sa Pamumuhay ng mga Pamilyang Nagpapalaki ng Bata” Osaka City Children and Youth Bureau**
**06-6136-6222（Oras ng Tanggapan: Lunes-Biyernes 9:00～17:30）**

■ **Osaka International House Foundation**
**06-6773-6533（Oras ng tanggapan： Lunes-Biyernes 9:00～17:30 sa weekdays）**

## 3. Mga dapat gawin para makatanggap ng pera

### ■ Sa nakatanggap ng allowance sa pagpapalaki ng bata noong Marso 2023（Taong angkop sa 1 -① sa harapan na pahina）

▶ Sa taong nakatanggap ng allowance sa pagpapalaki ng bata noong Marso 2023, hindi kailangang mag-aplay. Naideposito na ito noong Mayo 30, 2023 (Martes).

▶ Kung binalikan at naaprubahan ang pagbayad ng ayuda para sa Marso 2023, ipapaalam ito sa inyo.

### ■ Para sa ibang tao (Taong angkop sa 1-② o ③ sa harapan na pahina）

▶ Para makatanggap ng ayuda, **kailangang mag-aplay.**

1　Panahon ng pag-aplay

**hanggang Pebrero 29, 2024 (Huwebes) （valid ang date stamp）**

（※） ・Kung hindi nakapag-aplay hanggang sa itinakdang araw o kung hindi maideposito ang ayuda hanggang Marso 29, 2024 (Biyernes) dahil sa maling impormasyon ng bank account, hindi na ibibigay ang ayuda

・Kahit mag-aplay, kung hindi makumpirma kung kwalipikadong tumanggap, maaaring hindi ibigay ang ayuda.

2　Dokumento sa Pag-aplay

I-download ang mga dokumentong kailangan mula sa homepage ng lungsod ng Osaka. Kung hindi mai-download, tawagan ang staff.

（Osaka City HP） https://www.city.osaka.lg.jp/kodomo/page/0000599121.html

3　Paano mag-aplay

Punan ng kinakailangang impormasyon ang mga dokumento sa itaas at ipadala ito sa ibaba na kalakip ang iba pang kailangang dokumento.

（※） Ipadala gamit ang koreo lamang. Hindi tatanggapin kung pinadala sa e-mail, fax o dinala sa City Hall o ward office.

＜Saan ipapadala ang Application Form＞

Staff ng Ayuda sa Pagsuporta sa Pamumuhay ng mga Pamilyang Nagpapalaki ng Bata　Osaka City Children and Youth Bureau

1303 Gyomu-kanrito 1-1-86 Noda, Fukushima-ku, Osaka-shi 553-0005

**Mag-ingat sa “Scammer” at “magnanakaw ng personal na impormasyon” mo para makuha ang “Ayuda para sa pagsuporta sa pamumuhay ng low-income na pamilya nagpapalaki ng bata”**

Kung may pumunta o tumawag sa bahay o pinagtratrabahuhan ninyo na taong kahina-hinala na nagsasabing tauhan sila ng City Hall, ward office o family department o nakatanggap kayo ng sulat, kontakin ang staff ng ayuda o pinakamalapit na ward office o pulisya (o mag-konsulta sa police hotline (#9110)).